# Pag-unawa sa Pagsisisi bilang isang Daan ng Buhay

"28 Datapuwa't ano sa akala ninyo? Isang taong may dalawang anak; at lumapit siya sa una, at sinabi, Anak, pumaroon at gumawa ka ngayon sa ubasan.29 At sinagot niya at sinabi, Ayaw ko: datapuwa't nagsisi siya pagkatapos, at naparoon.30 At siya'y lumapit sa ikalawa, at gayon din ang sinabi At sumagot siya at sinabi, Ginoo, ako'y paroroon: at hindi naparoon. 31 Alin baga sa dalawa ang gumanap ng kalooban ng kaniyang ama? Sinabi nila, Ang una. Sinabi sa kanila ni Jesus, Katotohanang sinasabi ko sa inyo, na ang mga maniningil ng buwis at ang mga patutot ay nangauuna sa inyo ng pagpasok sa kaharian ng Dios. 32 Sapagka't naparito si Juan sa inyo sa daan ng katuwiran, at hindi ninyo siya pinaniwalaan; datapuwa't pinaniwalaan siya ng mga maniningil ng buwis at ng mga patutot: at kayo, sa pagkakita ninyo nito, ay hindi man kayo nangagsisi pagkatapos, upang kayo'y magsipaniwala sa kaniya." (Mateo 21:28-32)

Sa talinghagang ito na ibinigay ni Jesus at nagtanong ng katanungan matututunan natin ang mga bagay tungkol sa kasalanan at pagsisisi.

"28 Datapuwa't ano sa akala ninyo? Isang taong may dalawang anak; at lumapit siya sa una, at sinabi, Anak, pumaroon at gumawa ka ngayon sa ubasan." (Mateo 21:28) Narito ang lalaki ay nagtanong sa kanyang dalawang anak na lalaki ng parehong katanungan na pumunta at magtrabaho sa ubasan. Ang Diyos ay nag-utos sa bawat isa sa atin na gawin ang tiyak na mga bagay para sa kanya at upang paglingkuran din Siya. Ang ubasan ang ay kanyang simbahan at ang ministerio na ipinagkatiwala ng Diyos sa atin, na kailangan natin maglingkod sa kanya dito. Ang ama rito ay walang anuman kundi ang kanyang dalawang anak na umaasa sa kanya. Na pagkatapos niya, sila'y magpapatuloy sa paggawa sa ubasan, ang lugar na kanilang sasakahin at pararamihin ang bunga na kailangan nila sa kanilang ikabubuhay, at para pamumuhay at sa kapakanan ng iba, at kailangan nilang ipuhunan ang kanilang panahon at pagsisikap at mga pinagkukunan dito. Kaya kapareho sa atin ngayon na kailangan nating gawin ang ating mga trabaho at takdang aralin sa karagdagan upang gawin ang ating mga takdang trabaho sa mabuting gawa ng Diyos at sa paglilingkod sa kanya.

"29 At sinagot niya at sinabi, Ayaw ko: datapuwa't nagsisi siya pagkatapos, at naparoon." (Mateo 21:29) Ang panganay ay nagsabi sa kanyang ama, Ayaw ko: Iyon ay kasalanan sapagkat siya ay tumanggi at sumuway sa kautusan ng kanyang ama na pumunta at magtrabaho sa ubasan. Kapag tayo'y tumangging sumunod sa kautusan ng Diyos na pumunta at maglingkod sa kanya sa tiyak na lugar na inilagay niya sa atin o nais niya tayong maglingkod, sa gayon tayo ay nagkakasala sa Diyos.

Ang Salita ng Diyos ay nagsasabi din sa atin dito: datapuwa't nagsisi siya pagkatapos, at naparoon. Datapuwa't siya'y nagsisi bilang nagbago ang kanyang isip.Una sa kanyang isip ay ayaw magtrabho, ngunit ngayon sa kanyang isip ay handa ng pumunta at gawin ang trabaho at gawin ang paglilingkod na nais ng Diyos upang gawin sa tiyak na lugar na itinalaga ng kanyang ama sa kanya upang gawin * Sa kanyang ginawa tinatawag natin itong naantalang pagsunod, at ang panahon mula sa oras na sinabi ng kanyang ama hanggang sa ginawa niya ang trabaho ay tinatawag natin itong panahon ng pagsuway. *Ang anak ay hindi malayo na mas mabuti kaysa pangalawang anak, sapagkat hindi siya sa pinakamabuting kalagayan para sa Diyos na nagnanais ng ganap at agarang pagsunod.

"30 At siya'y lumapit sa ikalawa, at gayon din ang sinabi. At sumagot siya at sinabi, Ginoo, ako'y paroroon: at hindi naparoon." (Mateo 21:30) Ang ama ay nagbigay ng parehong utos sa kanyang pangalawang anak. Ang Diyos ay matuwid at magbibigay siya ng parehong kautusan sa kanyang bayan sapagkat itinuturing niya nag lahat ng pantay at sa kanila ay ibigay ang parehong pagkakataon na sumunod at pumunta at maglingkod sa Kanya. Ang pangalawang anak na ito, ay sumagot sa kanyang ama at sinabi sa kanya, Ginoo, ako'y paroroon", na siya ay susunod sa utos sa kanyang ama at siya ay pupunta at maglilingkod, ngunit hindi siya pumunta. Ngayon ang ama ay umasa sa kanyang pangalawang anak sapagkat ang unang anak ay nagsabi na "Ayaw ko"; kaya naman siya ay nagpunta sa pangalawang anak dahil kinakailangan niya na magpadala ng iba na gawin ang trabaho sa ubasan. Ngayon pagtantuhin na kapag ikaw ay nangako sa Diyos na gawin ang isang bagay at hindi mo ginawa sa gayon magdudulot sayo ng mga pinsala na mangyayari.

"31 Alin baga sa dalawa ang gumanap ng kalooban ng kaniyang ama? Sinabi nila, Ang una. Sinabi sa kanila ni Jesus, Katotohanang sinasabi ko sa inyo, na ang mga maniningil ng buwis at ang mga patutot ay nangauuna sa inyo ng pagpasok sa kaharian ng Dios." (Mateo 21:31) Dito si Jesus ay nagtanong, Alin baga sa dalawa ang gumanap ng kalooban ng kaniyang ama? Sa wakas nais ng Diyos para sayo na gawin ang Kanyang kalooban at magtiis sa pagkamit niyon. Oo tunay na ang naunang anak ay unang tumanggi at ipinapagliban ang pagsunod ngunit sa wakas ay sumunod sa kalooban ng kanyang ama. Dito makikita natin ang biyaya at habag ng Diyos sa atin na anumang oras na ating tanggapin at sumunod sa Kanyang kalooban tayong muli ay tatanggapin at tinatanggap sa pamamagitan ni Cristo.

Ngayon ano ang ibig sabihin niya dito, "Sinabi sa kanila ni Jesus, Katotohanang sinasabi ko sa inyo, na ang mga maniningil ng buwis at ang mga patutot ay nangauuna sa inyo ng pagpasok sa kaharian ng Dios." Hindi sa iniisip ng Diyos ang mangingikil at masasama, at hindi sa hindi sa iniisip ng Diyos ang mga gumagawa ng mga pangangalunya. Hindi, hahatulan ng Diyos ang lahat ng mga gumagawa ng ganoon, ngunit tataanggapin Niya sila kapag sila'y nagbago sa kanilang kaisipan at magsisi at bumalik muli sa Diyos. Sa ganyang uri ng mga tao na kabilang sa kanila ang mga nagnanakaw at gumagawa ng mga krimen at immoralidad ay tinanggihang mga tao sa mata ng taong may pananampalataya dahil sila ay may makasalanang landas ng buhay. Ngunit ang parehong mga tao kapag sila'y nagsisi at nagsimulang gumawa ng mabuti sila'y makakapasok sa Kaharian ng Diyos bago sa mga nakilala si Cristo, na nagsabi sa Diyos at kay Cristo "Ako'y paroroon, ginoo". Ngunit pagkatapos niyon sila'y hindi pumaroon.

"32 Sapagka't naparito si Juan sa inyo sa daan ng katuwiran, at hindi ninyo siya pinaniwalaan; datapuwa't pinaniwalaan siya ng mga maniningil ng buwis at ng mga patutot: at kayo, sa pagkakita ninyo nito, ay hindi man kayo nangagsisi pagkatapos, upang kayo'y magsipaniwala sa kaniya." (Mateo 21:32) Narito ipinaliwanag ng Panginoon sa mga Fariseo kabilang sa mga Judio ang higit tungkol sa ibig niyang sabihin tungkol sa pagsisisi, at ipinadala sa kanila si Juan na nagbabautismo na dumating sa kanila ng may mensahe ng

pamumuhay sa paraan ng katuwiran, pamumuhay sa paraan ng paggawa ng kalooban ng Diyos, ngunit sila'y hindi naniniwala sa kanya, at sila'y hindi nagsisi tumanggi silang magbautismo sa tubig; sa pagiging bayan ng Diyos at nagsabi sa Diyos na kami'y maglilingkod sayo at kami'y tatalim sayo, ngunit hindi nila ginawa. Ang pareho sa ngayon gaya ng marami na tinatawag na mga Kristiyano, tinatawag sa pangalan ni Cristo, sila'y yumuyuko sa Diyos at ipinapahayag ang kanilang katapatan, ngunit sila'y tumanggi hanggang sa ngayon na tumalima sa kalooban ng Diyos at sa Kanyang tagubilin sa kanila na pumunta at magtrabaho at maglingkod sa Kanyang ubasan. Samakatuwid habang ang mga maniningil ng buwis at patutot ay nahihigitan ang mga Fariseo nang sila'y nagsisi at tinalikuran ang kanilang mga kasalanan, nagpabautismo sa tubig at pumasok sa Kaharian ng Diyos bago ang mga Fariso, ang pareho sa ngayon, sa mga nabubuhay sa kasalanan kapag sila'y nagsisi, sila'y makakapasok sa Kaharian ng Diyos bago ang maraming mga Kristiyano na pumupuno sa mga simbahan ngunit walang pagsisisi at walang gawa ng paglilingkod na lumalabas sa kanilang mga kamay at sa kanilang pamumuay at hindi nila ginagawa ang kalooban ng Diyos sa kanilang buhay.

Ang ibig sabihin ng pagsisisi ay ang sumusunod:

1. Ay upang pumunta sa sinabi ng Diyos sayo upang pumunta.
2. Ay upang tanggapin na gawin ang sinabi ng Diyos sayo upang pumunta.
3. Ay upang pumunta at gawin sa iyong tinanggihan na gawi gawa ng unang anak.
4. Ay upang gawin at gawin ang ipinangako ng iyong sarili sa Diyos upang gawin ngunit hindi mo ginawa gaya ng pangalawang anak.

Ang Diyos pagkatapos ng pagkahulog ng tao sa halamanan ng Eden, ay naglagay ng sumusunod sa babae at sa lalaki. Ating basahin ang sumusunod na talata upang maunawaan kung ano ang pagsisisi at kung paanong nais ng Diyos sa atin na gawin at kumilos pagkatapos nating makagawa ng kasalanan:

"15 At papagaalitin ko ikaw at ang babae, at ang iyong binhi at ang kaniyang binhi: ito ang dudurog ng iyong ulo, at ikaw ang dudurog ng kaniyang sakong.16 Sinabi niya sa babae, Pararamihin kong lubha ang iyong kalumbayan at ang iyong paglilihi; manganganak kang may kahirapan; at sa iyong asawa ay pahihinuhod ang iyong kalooban, at siya'y papapanginoon sa iyo.17 At kay Adam ay sinabi, Sapagka't iyong dininig ang tinig ng iyong asawa, at kumain ka ng bunga ng punong kahoy na aking iniutos sa iyo na sinabi, Huwag kang kakain niyaon; sumpain ang lupa dahil sa iyo; kakain ka sa kaniya sa pamamagitan ng iyong pagpapagal sa lahat ng mga araw ng iyong buhay;18 Ang isisibol niyaon sa iyo ay mga tinik at mga dawag; at kakain ka ng pananim sa parang;19 Sa pawis ng iyong mukha ay kakain ka ng tinapay, hanggang sa ikaw ay mauwi sa lupa; sapagka't diyan ka kinuha: sapagka't ikaw ay alabok at sa alabok ka uuwi.20 At tinawag na Eva ng lalake ang kaniyang asawa, sapagka't siya ang naging ina ng lahat ng mga nabubuhay.21 At iginawa ng Panginoong Dios si Adam at ang kaniyang asawa ng mga kasuutang balat at sila'y dinamitan.22 At sinabi ng Panginoong Dios, Narito't ang tao'y naging parang isa sa atin, na nakakakilala ng mabuti at ng masama; at baka ngayo'y iunat ang kaniyang kamay at pumitas naman ng bunga ng punong kahoy ng buhay, at kumain at mabuhay magpakailan man:23 Kaya pinalayas siya ng Panginoong Dios sa halamanan ng Eden, upang kaniyang bukirin ang lupaing pinagkunan sa kaniya.24 Ano pa't itinaboy ang lalake; at inilagay sa silanganan ng halamanan ng Eden ang mga Querubin at ang isang nagniningas na tabak na umiikot, upang ingatan ang daang patungo sa kahoy ng buhay." (Genesis 3:15-24)

Sa Banal na Kasulatang ito makikita natin ang kinahinatnan ng mga kasalanan na inilagay ng Diyos sa lalaki at sa babae, sapagkat sila;y lumabag sa kautusan ng Diyos at kumain mula sa bunga ng ipinagbabawal na punong kahoy, ang punong kahoy ng mabuti at masama. Sa gayon kapag ikaw ay nagkasala at lumabag laban sa Diyos asahan na tanggapin mula sa Diyos ang kinahinatnan ng iyong mga kasalanan.

"15 At papagaalitin ko ikaw at ang babae, at ang iyong binhi at ang kaniyang binhi: ito ang dudurog ng iyong ulo, at ikaw ang dudurog ng kaniyang sakong." (Genesis 3:15) Dito ang Diyos ay naglagay ng poot sa pagitan ng ahas at ng babae at sa pagitan ng binhi nito at ng binhi ng babae, sa ganoon ang babae at ang ang kanyng mga anak at mga inapo ay magpapatuloy sa pagkikipaglaban at pakikibaka kay Satanas at sa mga demonyo na lumalaban sa tao at sa kanyang mga supling. Kaya naman sa ilang tiyak na panahon tayo ay humaharap sa mga pakikibaka dahil si Satanas at ang mga demonyo nito ay lumalaban sa atin. Ngunit dito'y ipinangako ng Diyos sa atin na ang binhi ng babae ay dudurog sa ulo ng ahas, at iyon ay ang ebanghelyo na unang beses na ipinangaral sa halamanan ng Eden. Ang dugo din ay naibuhos nang iginawa ang Diyos ng kasuotang balat ng hayop o mga hayop na Kanyang pinatay, "21 At iginawa ng PANGINOONG DIYOS si Adam at ang kaniyang asawa ng mga kasuutang balat at sila'y dinamitan." (Genesis 3:21) Ang Diyos sa ganoon ay ipinakita ang kanyang pagibig sa tao sa kabila ng kanyang kasalanan; Siya ay nagbigay ng damit para sa tao na hubad at pinalitan ng dahon ng igos na tinahi ng tao upang takpan ang kanyang sarili at iyon din ay isang tanda, sa pagbuhos ng dugo, para sa gagawin ng Messiah, ang binhi ng babae, na darating at ang kanyang dugo ay mabubuhos sa krus para sa kapatawaran ng ating mga kasalanan.

"16 Sinabi niya sa babae, Pararamihin kong lubha ang iyong kalumbayan at ang iyong paglilihi; manganganak kang may kahirapan; at sa iyong asawa ay pahihinuhod ang iyong kalooban, at siya'y papapanginoon sa iyo." (Genesis 3:16) Inilagay ng Diyos sa babae ang kinahinatnan ng kanyang kasalanan, na kailangan niyang pagdaanan ang kalumbayan sa paglilihi at sa kanyang panganganak na may kahirapan. Posible bago siya nahulog sa kasalanan maaring sa paraang ito ng paglilihi at panganganak ay walang kahirapan. Ang ibang disiplina na inilagay ng Diyos sa kanya na kailangan niyang magpasailalim sa kanyang asawa na anuman ang kanyang hangarin o naisin ay kailangan niyang bumalik sa kanya at hinggin sa kanyan ang pahintulot gaya ng sinabi niya rito, "at sa iyong asawa ay pahihinuhod ang iyong kalooban, at para sa lalaki mula sa panahong iyon ay kinakailangang pamahalaan ang kanyang asawa gaya ng kanyang sinabi rito, "siya'y papapanginoon sa iyo."

"17 At kay Adam ay sinabi, Sapagka't iyong dininig ang tinig ng iyong asawa, at kumain ka ng bunga ng punong kahoy na aking iniutos sa iyo na sinabi, Huwag kang kakain niyaon; sumpain ang lupa dahil sa iyo; kakain ka sa kaniya sa pamamagitan ng iyong pagpapagal sa

lahat ng mga araw ng iyong buhay;18 Ang isisibol niyaon sa iyo ay mga tinik at mga dawag; at kakain ka ng pananim sa parang;19 Sa pawis ng iyong mukha ay kakain ka ng tinapay, hanggang sa ikaw ay mauwi sa lupa; sapagka't diyan ka kinuha: sapagka't ikaw ay alabok at sa alabok ka uuwi. (Genensis 3:17-19) Dito ang Panginoon ay inilagay sa harapan ng lalak ang kinahinatnan ng kanyang kasalanan, sapagkat siya'y nakinig sa kanyang asawa at sumunod sa kanya at hindi isinaalang alang ang sinabi ng Diyos sa kanya upang gawin. Ang babae ay nadaya ngunit si Adam ay hindi nadaya kundi nagalak lamang na sundin ang kanyang asawa, "14 At si Adam ay hindi nadaya, kundi ang babae nang madaya ay nahulog sa pagsalangsang." (1 Timoteo 2:14) Ang kinahinatnan na inilagay ng Diyos sa harapan niya, na ang lupa ay susumpain dahil sa kanyang ginawa, na kinakailangan niyang magtrabaho sa kanyang ikabubuhay sa kapighatian at sa pagsisikap. Sisibol sa lupa ang mga tinik at dawag upang maging mahirap sa lalaking magtrabaho. Ang kanyang pagkain ay ang mga halaman, na kailangan niyang pagpagalan na magtanim at sa paghahanda sa lupa, pagdurog sa mga bungkol, pagtatanim sa mga binhi, pagdidilig at paghihintay sa pag-aani. Dati pinipitas niya lamang ang bunga mula sa punong kahoy anuman ang nais niya kainin ngunit ngayon ay magiging mahirap na sa pagkuha ng kanyang pang araw-araw na pagkain at kailangang magpakapagal at pawisan upang kumita ng kanyang ikabubuhay. Kaya naman makikita mong malinaw na kapag ikaw ay nagkasala at sumuway sa Diyos, ang buhay ay magiging mahirap at ang mga kaguluhan ay magsisimula at ikaw ay magkakaroon ng kahirapan sa pagkita sa iyong pamumuhay.

"22 At sinabi ng Panginoong Dios, Narito't ang tao'y naging parang isa sa atin, na nakakakilala ng mabuti at ng masama; at baka ngayo'y iunat ang kaniyang kamay at pumitas naman ng bunga ng punong kahoy ng buhay, at kumain at mabuhay magpakailan man:23 Kaya pinalayas siya ng Panginoong Dios sa halamanan ng Eden, upang kaniyang bukirin ang lupaing pinagkunan sa kaniya.24 Ano pa't itinaboy ang lalake; at inilagay sa silanganan ng halamanan ng Eden ang mga Querubin at ang isang nagniningas na tabak na umiikot, upang ingatan ang daang patungo sa punong kahoy ng buhay." (Genesis 3:22-24) Kaya kinakailangang paalisin ng Diyos ang tao sa halamanan ng Eden upang ipatupad ang pagdisiplina sa tao, na pumunta at magtrabaho sa lupa at kumita ng kanyang pagkain, at para doon inilagay niya ang mga anghel na magbabantay sa daan sa punong kahoy ng buhay upang ang tao ay hindi makaabot at makakain mula doon at mabuhay magpakailanman. Ang mga anghel ng Diyos ay may nag-aapoy na mga espada ay isang malinaw na mensahe sa tao na hindi siya maliligtas sa pamamagitan ng punong kahoy ng buhay dahil hindi niya maabot ito. Samakatuwid kailangan niya at dapat maghintay at ilagay ang kanyang pananampalataya at buong pagtitiwala sa pagdating ng Messiah. Iyon ang kailangan nating gawin sa ngayon, na dapat nating ibigay ang ating pananampalataya at ang ating buong pagtitiwala kay Jesus at sa Kanyang ginawa sa krus upang maligtas at magkaroon ng walang hanggang buhay.

Paanong ang tao ay tumugon sa kautusan ng Diyos pagkatapos niyang magkasala? Siya ba ay nagsisi o hindi? Ngayon ating tingnan ang pagtugon ng tao sa disiplina ng Diyos at ang kinahinatnan ng kasalanan na inilagay ng Diyos sa kanila.

"20 At tinawag na Eva ng lalake ang kaniyang asawa, sapagka't siya ang naging ina ng lahat ng mga nabubuhay." (Genesis 3:20) Ibig sabihin ang tao ay tumalima sa panukat ng Diyos na tinanggap niya ang kanyang asawa ay dadaan sa napasakit na pagbubuntis at panganganak dahil tinawag niya siyang "Eva" na ibig sabihin ay buhay. Ang Banal na Kasutan ay nagsasabi sa atin na ang babae ay maliligtas sa panganganak: "15 Nguni't ililigtas siya sa pamamagitan ng panganganak, kung sila'y magsisipamalagi sa pananampalataya at pagibig at sa pagpapakabanal na may hinahon." (1 Timoteo 2:15) Ang pagbubuntis at panganganak ay daan ngayon upang tanggapin ang Messiah na isinilang sa babae. Ganon din mula sa pagbubuntis at pagkatapos ng panganganak ng babae ay kailangang mag-alaga, palakihin, at idisipolo at disiplinahin ang kanyang mga anak at palakihin sila bilang makaDiyos na mga anak na nabubuhay para sa Diyos at labanan si Satanas at ito ay ang mga demonyo.

Tinanggap ni Adan ang mahirap na pagtatrabaho at tiyak na siya aynagtrabaho sa lupa na iniutos ng Diyos sa kanya na maglingkod at upang trabahuhin para magparami ng pagkain para sa kanya at para sa kanyang pamilya.

Ating basahin pa ang tungkol sa kanyang pamilya sa Genesis 4, "1 At nakilala ng lalake si Eva na kaniyang asawa; at siya'y naglihi at ipinanganak si Cain, at sinabi, Nagkaanak ako ng lalake sa tulong ng Panginoon.2 At sa muli ay ipinanganak ang kaniyang kapatid na si Abel. At si Abel ay tagapagalaga ng mga tupa; datapuwa't si Cain ay mangbubukid ng lupa.3 At nangyari nang lumalakad ang panahon ay nagdala si Cain ng isang handog na mga bunga ng lupa sa Panginoon.4 At nagdala rin naman si Abel ng mga panganay ng kaniyang kawan at ng mga taba ng mga yaon. At nilingap ng Panginoon si Abel at ang kaniyang handog:" (Genesis 4:1-4) Ating nabasa rito na ang tao ay nagsimulang magparami. Si Eva ay nanganak sa kanyang panganay, si Cain, at nagpatotoo na nagkaroon siya mula sa Panginoon at isang magsasaka ang parehong hanapbuhay ng kanyang ama na si Adan. Nagkaroon sila pagkatapos ng kanyang kapatid si Abel na tagapagalaga ng tupa, at pareho silang dalawa ay sumamba sa Diyos sa kani kanilang handog; ito;y kanilang natutunan mula kay Adan at Eva na nagsasagawa sa pagtalima sa Diyos at sa kanyang kautusan at upang sumunod sa kanyang mga paraan sa pagbabata sa kinahinatnan ng kanilang mga kasalanan, at nabubuhay na naghihintay sa pag-asa sa Messiah na dumating mula sa kanilang mga inapo upang durugin ang ulo ng ahas at iligtas sila.

Ang tunay na mga tao pagkatapos nilang magkasala patuloy nilang inaalala ang mabuting buhay na mayroon sila dati bago na sila'y magkasala, ngunit hindi sila tumututok na gawin ang hinihiling ng Diyos sa kanila upang gawin pagkatapos ng kanilang mga kasalanan at batahin ang kinahinatnan ng kanilang mga kasalanan.

Sa aking Mahal at Minamahal: Maari mong matutunan ang sumusunod mula sa mensahe:

- Kailangan mong bumalik sa sinabi ng Diyos sa iyo.
- Kailangan mong magsisi at sumunod sa sinasabi ng Diyos sa iyo.
- Kailangan mong bumalik at gawin ang ipinangako mo sa Diyos upang gawin.

• Kailangan mong tanggapin ang kinahinatnan ng iyong mga kasalanan at gawing possible ang iyong kaligtasan sa paraang itinalaga ng Diyos sayo na pumunta sa pamamagitan ng makipot na pintuan, sa tulong ng biyaya ng Diyos sa pamamagitan ni JesuCristong ating Panginoon.
• Tumututok sa iyong bagong takdang aralin at huwag pagnilayan ang buhay bago ang iyong kasalanan.

Ang aking Panalagin: Amang Diyos ako ay lumalapit sa iyong harapan sa pangalan ni Jesus na namatay para sa aking mga kasalanan sa krus at nabuhay mula sa kamatayan upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan.

Ipagtapat ang iyong mga kasalanan ngayon sa Panginoon ----------------------------------- Ipagtapat ang mga bagay na ikaw ay tumangging sumunod sa Diyos, at ipangako ang iyong sarili na gawin ang hinihiling sa iyo ng Diyos upang gawin. Ipangako ang iyong sarili na bumalik at gawin ang ipinangako sa Diyos upang gawin. Ipangako ang iyong sarili na batahin ang kinahinatnan ng iyong mga kasalanan at maging handa na sumunod sa mga paraan ng Diyos na gawing possible ang iyong sariling kaligtasan at maging handang dumaan sa makipot na daan at hindi sa iyong sariling paraan o kalooban.

Panginoon aking inilalagak ang aking sarili sa iyong kamay, ako'y handang pumunta sa iyong plano ng kaligtasan sa buong sangkatauhan at ako'y handang pumunta at maglingkod sayo at maging sa dako na nais akong maging. Panginoon ako'y handang dumaan sa kinahinatnan ng aking mga kasalanan at gawin ang mga ito.

Panginoon ako'y nanalanagin para sa aking mga Kapatiran na nagsisi mula sa kanilang mga kasalanan at maling mga ginawa at nagtalaga ng kanilang mga sarili upang maglingkod sayo at gawin at tanggapin ang kinahinatnan ng kanilang mga kasalanan at isabuhay ang kanilang buhay para sayo, Panginoon pagpalain sila at paging dapatin sila at ibigay ang para sa kanila upang sila'y magpatuloy sa iyong plano at sa pamamagitan ng makipiot na pintuan. Panginoon ako'y nanalanagin na ipasailalim ang kanilang sarili ng ganap sayo at magsimulang magparami ng bunga ng pagsisisi at ng bunga ng Banal na Espiritu na maipapakita nila si Jesus sa kanilang buhay at mga pagkilos.

Panginoon aming ipinapangako ang aming sarili bilang isang simbahan na pumunta at gawin ang misyong gawain na nais mong gawin namin. Panginoon pusposin kaming muli ng iyong Espritu Santo at bigyan kami ng mga espirituwal na mga kaloob na kailangan namin sa aming ministerio na pumunta at ipangaral ang mabuting balita at magebanghelyo at abutin ang nawawala at gumawa ng bagong mga disipolo. Panginoon protektahan kami at ibigay ang para sa amin at paging dapatin kaming makapagtanim ng bagong pag-aaral ng Bibliya at bagong mga kapisanan para sa simbahan. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at ilayo kami sa kapahamakan upang hindi naming madama ang sakit. Nawa ang biyaya ni Jesus at ang pagibig ng Diyos at ang pakikipagkaisa ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen

Dr. Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#:00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espirituwal na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi ang mesahe sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iyong iba't ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE380351576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito:
00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak o pinansyal, mangyaring malayang makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com